



Negosyanteng

Isyu Numero 4
Disyembre 2000

Pinoy


Isang paglilingkod-bayan ng Center for Business and Economics Research and Development (CBERD) ng De La Salle University-Manila

Bakit mahalaga ang mga makabagong produkto?

Upang patuloy ang pag-unlad ng isang negosyo, ang negosyante at dapat mag-isip at lumikha ng mga makabagong produktong tumutugon sa kasalukuyang pangangailangan ng mamimili. Hindi lang dapat tumigil sa pagiging malikhain. Kailangang maging bihasa rin sa pamamahala ng mga makabagong produktong nalikha.

Dalawang uri ng pangangailangan ang dapat matugunan sa pamamahala ng mga produkto (product management). Isa ay ang panloob na pangangailangan (internal) ng kompanya kung saan pinagtutuunan ng pansin ang mga layunin at anking kayamanan (resources) na pwedeng magamit sa pagpalaganap ng produkto. Ang pangalawa naman ay ang panlabas na pangangailangan (external) kung saan binibigyang pansin ang mga kagustuhan ng mga mamimili.

Ang pagtugon at pagpuno sa mga pangangailangan ng organisasyon ay may kaugnayan sa Mission-Vision ng kompanya, yamang pinansiyal, at ang



pagkakasatuparan ng mga layuning pinansiyal gaya ng return on investment (ROI) o ang kinikita sa bawat pisong ipinupuhunan, at return on sales (ROS) o ang kinikita sa bawat pisong halaga na naibebenta.

Ito ang tinatawag na PUSH PORTION ng pamamahala ng bagong produkto, dahil ang mga ito ay pinakilalang mga bagay na ang layunin ay matugunan ang mga pangangailangan ng organisasyon sa pamamagitan ng pagkilala ng mga kagustuhan at kailangan ng mamimili.

Ang pagkilala at pagtugon sa mga kagustuhan ng mamimili ay mangangailangan ng pagkilala sa mga oportunidad na hindi pa natutugunan ng ibang produkto (unfulfilled needs and wants), pagkilalang lubos sa kasalukuyang mamimili at prospek (primary and prospective market), at ang paglaan ng mga makabagong produkto para matugunan ang walang katapusang mga pagbabago sa pangangailangan ng mamimili.

Ito ang tinatawag na PULL PORTION ng pamamahala ng bagong produkto na kung saan natutugunan ang mga pangkasalukuyang pangangailangan ng mamimili dahil sa ng mga pinakilalang makabagong produkto.

Samakatwid, ang Pamamahala ng Bagong Produkto ay nagtutugon sa dalawang layunin: Una, upang epektibong matugunan ang mga pabago-bagong pangangailangan ng mamimili, at pangalawa, upang epektibong matugunan ang pangangailangan ng kompanya sa pagsalubong sa mga karibal na kompanya. (*Ging Masigan*)

Makabagong produkto mula sa abaca

Papel na yaring-kamay

Ang paggawa ng papel na yaring-kamay ay isa sa mga negosyong may kinabukasan sa Pilipinas. Ito ay posibleng negosyo para sa mga maliliit na negosyante. Ang kabuuang halaga ng kalakalang panluwas (exports) ng ganitong klaseng produkto ay umabot sa 2 milyong dolyar noong taong 1992.

Ang paggawa ng papel mula sa abaca ay naturing na kapaki-pakinabang na pangangalakal, dahil sa mahusay na kalidad ng mga panangkap nito.

Ang abaca (musa textiles) ay isa sa mga pangkaraniwang ginagamit na materyal sa paggawa ng papel na yaring-kamay. Ang ilan pang materyal at kemikal na ginagamit sa paggawa ng papel na yaring kamay ay nakalista sa Table 1.

Paghanda ng materyales at pulping

1. Maghanda ng 15 litrong tubig sa isang stainless na kaldero.
2. Dagdagan ng 300 g sodium hydroxide at haluin ito hanggang matunaw na lubusan.
3. Dagdagan ng 1 kg. na fiber at lutuin nang anim na oras sa katamtamang apoy.
4. Pagkatapos lutuin, ilagay ang fiber sa loob ng screen box (0.16 mm mesh) at hugasan

Table 1. Materyales at kemikal na ginagamit sa paggawa ng papel na yaring-kamay

- 2 pirasong formica sheet (4' x 8')
- 2 pirasong pkywood (4' x 8')
- 1 yunit ng disintegrator
- 5 pirasong cooking containers
- 5 pirasong wire screen (0.16mm mesh)
- 10 pirasong palanggana (stainless o plastik)
- 10 pirasong mold and deckle
- 5 pirasong roller
- 1 yunit ng timbangan (10 kg.)
- 5 pirasong cutter
- 6 pirasong measuring spoon
- 5 pirasong balde (30 litro)
- 15 pirasong kaldero (5 litro)
- 110 dosenang klip
- 100 metro ng nylon na lubid
- 10 rubber gloves
- 10 pirasong gauze mask
- 750 sakong cheese cloth
- 15 pirasong sponge
- 300 g sodium hydroxide flakes
- 70.71 g calcium hypochlorite
- 12 g alum
- 6 g resina
- 9 g talc
- 24 g gawgaw
- 26 kg. abaca

nang mabuti.

- Masahin (pulp) nang 5 minuto sa pamamagitan ng disintegrator, hanggang ang stock ay pantay ang pagkakalatag.
- Hugasan ang masa (pulp) at pigain para matuyo. Pirasuhin sa pamamagitan ng kamay.

Pagkukula at pagtitina

- Punuin ang palanggana ng 9.9 litro ng tubig at dagdagan ng 70.71g sodium hypochlorite.
- Haluin para matunaw ang pantinang kemikal.
- Ibadan ang masa (pulp) ng 1 ½ oras at haluin pamin-minsan.
- Itabi ang pantinang solusyon ay hugasang mabuti ang masa (pulp).
- Dagdagan ng pre-dissolved 2.475 g dyestuff ang pinirasong masa (pulp) at pakuluan ng 15 minuto.
- Dagdagan ng 49.5 g na asin at pakuluin ang solusyon ng 1 oras.
- Hugasang mabuti ang dyed pulp.

Paggawa ng handsheet

- Ilagay ang pinaputing masa (pulp) sa disintegrator na may 30 litrong tubig.
- Dagdagan ng 6 g resina, 12 g alum, 24 g gawgaw, at 9 g talc at durugin nang 10 minuto.
- Lagyan ng 20 litro na tubig ang isang malaking palanggana at idagdag ang pulp slurry.
- Haluin ang timplada sa pamamagitan ng kamay at

Table 2. Presyo

Laki ng papel	Presyo
7" x 9"	- P 8/pc.
8" x 11"	- P 18/pc.
9 ½" x 14"	- P 25/pc.
20" x 24"	- P 45/pc.
24" x 36"	- P 75/pc.
9 ½" x 14"	- P 25/pc.
20" x 24"	- P 45/pc.
24" x 36"	- P 75/pc.

Ang paggawa ng papel mula sa abaca ay naturing na kapaki-pakinabang na pangangalakal, dahil sa mahusay na kalidad ng mga panangkap nito.

- ayusin ang mold and deckle.
- Ilubog ito ng pahilis sa palangganang may pulp slurry.
- Unit-unting hayaang mahulma ang masa (pulp). Ang mga papel na yaring kamay ay umuurong pag pinatuyo. Ang lapad at ang haba ng mold and deckle ay dapat may palabis na ½ pulgada.
- Iangat ang mold and deckle at hayaan ang tubig na makatulo sa screen.
- Ibalik ang sobrang slurry sa palanggana.
- Dahan-dahang ihiwalay ang mold sa deckle.

- Takpan ang formed sheet ng cheesecloth at baliktarin ito.
- Patuyuin ng 30 minuto at baliktarin sa formica board.
- Tanggalin ang cheesecloth at isabit ang board na may papel sa isang malilim na lugar. Patuyuin nang isang araw.
- Idiin ang papel sa pamamagitan ng roller para ito'y maunat. Tanggalin ang sheet sa board.
- Ang produkto nito ay ang sinasabi nating PAPEL NA YARING-KAMAY (Hand-made Paper from Abaca).

Marketing considerations

Ang papel na yaring-kamay na gawa sa abaca ay nagkakaiba sa kulay, sa kapal, at sa disenyo. Nagtatamo ng mataas na halaga ang ganitong produkto dahil sa limitadong supply.

Ang presyo ng papel na yaring kamay ay makikita sa Table 2.

Kabilang sa mga lokal na mercado (market) ang mga paper converters, pintor (artists), walk-in customers, at iba't ibang kompanya na palagiang nangangailangan ng ganitong produkto. Kabilang sa pamilihang internasyonal ay ang mga bansang Japan, Hongkong, Taiwan, France, Canada, United States, Switzerland, Germany, Holland, United Kingdom, Spain,

Ang mga lokal na pagawaan ng papel na yaring kamay ay matatagpuan sa Cavite, Laguna, Quezon Province, Baguio, Mountain Province, Bicol, Pampanga, Manila, Iloilo, Aklan, Negros, Tacloban,

Bohol, Mandaue City, Cagayan de Oro, at Davao.

Mga pahiwatig na ekological

Ang paggawa ng produktong papel na yaring-kamay ay namgangailangan ng mga pira-pirasong papel at iba pang agricultural waste upang mabawasan ang dami at bilang ng basura sa ating kapaligiran. Makakatulong ito sa pagbigay solusyon sa walang katapusang suliranin ng bansang Pilipinas ukol sa basura.

Ang maraming tubig ay hinahaluan ng lime bilang neutralizing agent, habang ang mga pantinang ginagamit ay hindi nakakalason. (Inihanda ni Ging Masigan)

Ang papel na yaring-kamay na gawa sa abaca ay nagkakaiba sa kulay, sa kapal, at sa disenyo. Nagtatamo ng mataas na halaga ang ganitong produkto dahil sa limitadong supply.

Mga tips sa pagsasapamilihan

1. Tiyakin na mataas ang kalidad ng produkto.
2. Sumali sa mga asosyon ng mga gumagawa ng mga produktong papel.
3. Sumali sa mga trade fairs.
4. Dumalo sa mga seminars.
5. Dumirekta sa mga kliyente.
6. Siyasatin ang background ng mamimili.
7. Alamin ang mga takda at batayan.

(Hango sa Sustainable Livelihood Options for the Philippines: An Information Kit, "Making Paper from Abaca." Department of Environment and Natural Resources, Visayas Avenue, Diliman, Quezon City)

Subscription form

If you are interested to receive a regular subscription, please fill up this form and send it to:

**De La Salle University College of Business and Economics
Center for Business and Economics
Research and Development (CBERD)**

2401 Taft Avenue, 1004 Manila, Philippines; Fax No.:5219094

Name: _____

Position: _____

Institution: _____

Office Address: _____

Tel. No.: _____

Fax No.: _____

E-mail Address: _____



Negosyanteng Pinoy

ay publikasyon ng Center for Business and Economics Research and Development (CBERD) ng De La Salle University-College of Business and Economics

Isyu Numero 4 Nobyembre 2000

Editorial Board

Dr. Tereso Tullao, Jr.

e-mail: cbetst@dlsu.edu.ph

Dr. Divina Edralin

e-mail: cbedme@dlsu.edu.ph

Raymund B. Habaradas

e-mail: cberbh@dlsu.edu.ph

Contributor

Ging Masigan

Secretary

Liza Pajo